# *Ang Birheng Matimtiman*

ni Jerry C. Respeto

Pagsasa-Filipino ng dulang *Mandragola*
ni Niccolo Machiavelli

Buhat sa saling Ingles ni J. R. Hale

Pebrero 2006

***Walang birheng matimtiman***
***Sa matiyagang manalangin.***

## *Mga Tauhan*

JUANITO TENORIO, *isang binatang bohemyo.*
UBAN, *utusan ni Tenorio.*
KARDING TITE, *manggagantso.*
CANDIDO MATIMTIMAN, *isang abugado.*
CLARITA MATIMTIMAN, *asawa ni Candido.*
NANANG BIRENG, *ina ni Clarita.*
PADRE SALVE, *prayle ng parokya.*
ISANG BATANG BIYUDA.

## *Tagpuan*

LUGAR: *Isang bayan sa Laguna.*
PANAHON: *Sa pagitan ng 1899 hanggang 1901.*

## PROLOGO

1

Iligtas kayo ng Diyos manonood na ginigiliw
Kung sadya rito'y manatili't ngumiti.
May alay kaming dula na dito nangyari
Kung kayo'y magtitimpi, at hindi titili.

Sa isang bayan sa Laguna isina-Filipino ang dula
(Pwede sa Pakil, Paete o Calamba)
Kaya manood tayo para maging masaya
Hanggang sumakit ang tiyan sa katatawa.

2

Dito sa kanan ko, may pinto kayong nakikita.
Diyan nakatira ang abugado de kampanilya.
Sa dako naman doon, ang "Pugad ng Sinta,"
Di ka makababangon, pag nadapa ka.

Makikita nyo ang prayle, maya-maya lamang
Abito ang suot nya, kaya agad makikilala.
Ang simbahan sa harap nyo, diyan siya nagmimisa
At sa ating parokya, siya ang nagku-Kura.

3

Sa dakong kaliwa, nakatira'y binata
Juanito Tenorio ang pangalan niya.
Matalino, simpatiko, matinik at bohemyo
At sa kanyang tindig, tunay na irerespeto.

Nilisan ang Paris, at umuwi sa Laguna
Hanap ang pangarap, babaeng sinasamba.

Ngayon mapapanood ang pag-ibig nila.
Sadyang pinapangarap ng binata't dalaga!

4

Bakit kaya Mandragola, pamagat ng dula?
Inyo ring malalaman, maya-maya lamang.
At dahil di-tanyag ang sumulat ng dula
Bayad nyo'y isasauli, pag di kayo napatawa.

At para kayo matawa, handog namin ito,
Binatang bohemyo, bobong abugado,
At dalawa pang tauhang ikasisiya ninyo:
Ang lilong prayle at ang lintang bolero.

5

Patawarin ang mandudula ng mga taong seryoso
Kung sa dulang ito, lalo silang naging bobo.
Nais lang ng mandudula na tumawa tayo
Sa panahon ng krisis, pulitika at dilubyo.

Sadyang malungkot nga, na wala nang magawa
Ang ating mandudula, sa mga obrang dakila
Bahagi na ng buhay, marubdob na problema
Sawa na ang tao, baka langawin sa takilya.

6

Panlilibak at pagkamuhi ang kanyang inaasahan
Sa mga mangungutya nang walang pakundangan
Patunay lang ito, nang pagguho ng karunungan
Kaya kinabukasan, bagsak nati'y sa kangkungan.

Sino naman kaya ang mangangahas magpilit
Kung obra'y maiipit, at siya'y mapipilipit

At paano niya iluluwal ang diwa ng sining?
Kung ililibing lamang sa limot at dalamhati.

7

Maghunos dili muna, sinumang mag-aakala
Na ang mandudula'y mauumid at mabibitla.
Mga naging obra niya, walang kinatakutan
Hindi umaatras, may pagka-lapastangan.
Ngunit sa kanya, dapat akong magtiwala
Na babawi ito, at gagawa ng pambihira
Para maglingkod at tuloy mahalina
Mayaman, matalino, ng higit sa kanya.

8

Pabayaan na natin, matatabil na dila
Gipit na sa oras ang ating munting dula.
Itataboy na ako ng mga ayaw magtiwala
Palibhasa'y komikero, payaso ng komedya.
Dahil lumabas na, ang bidang binata
Kasama si Uban, ang utusang dakila.
Simulan nang manood sa gagawin nila
Ako' paalam na, at sisibat muna.

***Awit: Sadyang Maikli***

Sadyang maikli ang buhay
Kaya huwag mananamlay.
Iwasan natin ang away.
Pagnanasa'y iwagayway.

Ang sinumang magmukmok
Maghapong nakasimangot
Paghaharian ng poot
Bagsak sa mga pagsubok.

Ang sugat ay kung tinanggap
Di daramdamin ang antak
Ang ayaw at di mayag
Galos lamang nagnanaknak.
Kaya kami ngayo'y naririto
Masaya sa piling ninyo
Tumakas sa  peligro
Nagbabakasyong totoo.
At dito kami'y nagtungo
Para pasayahin kayo
Karangalan naming ito
Upang makasama kayo.

*(to be sung if they are around:*
*repeat 3x if three are in the audience and twice if two.)*

Pasasalamat ding totoo
Mahal na pangulong Roman/
Sa butihing Chancelor/
Dekano Rio Almario
At kapiling namin kayo
Sa dulang katatawanan/
Sa gabi ng mga payaso.

Pasasalamat din dapat
Ang alay sa manunulat
Sama-sama ang lahat
Para tumawa nang tapat.

*(Sa Plaza, Isang bayan sa Laguna, ca.1899-1901).*

## UNANG YUGTO

TENORIO: (UBAN *about to leave.)*

TENORIO: Uban, sandali. May sasabihin ako sa iyo.

UBAN: Ano pong problema? Narito lang po ako?

TENORIO: Hindi mo siguro inasahan ang pagbalik ko, ano? At bigla akong umalis sa Paris? Saka siguro, iniisip mo, ba't hanggang ngayon, e narito pa rin ako. Mag-iisang buwan nang nakatunganga. Walang ginagawa.

UBAN: E... ganun na nga po.

TENORIO: Huwag mong isipin, na kaya wala akong sinasabi sa iyo, e dahil di kita pinagkakatiwalaan. Hindi ganoon. Ayoko lang talaga kasi munang magsalita. Lalo na kung masyadong personal. Pero ngayon, sasabihin ko na sa iyo kung bakit ako biglang umuwi, kasi, tutulungan mo ako.

UBAN: Kayo po naman. Alila lang naman ako. At di dapat manghimasok sa buhay ng amo. O makialam. Pero kung hihingan kami ng tulong? Aba, siyempre po, tutulong kami! Mabait po akong tao. At palaging tapat sa amo.

TENORIO: Tama yan. Ilang beses mo na sigurong narinig sa akin na...na... Sa bagay, e ano naman sa iyo kung ilang ulit mo na itong narinig sa akin. Yun bang... kung paano ako naulila noong sampung taong gulang pa lamang ako. At nang papuntahin ako ng mga tiyuhin ko sa Paris, kaya tumira ako doon nang dalawampung taon. Binalak kong umuwi nang naka-sampung taon na ako doon, pero nagsisimula nang magkagulo dito sa atin. Kaya di na muna ako umuwi. Dahil alam mo na, mas ligtas ang buhay doon sa Paris kaysa rito sa Pilipinas.

UBAN: Alam ko po iyon.

TENORIO: Alam mo rin na ipinagbili ko na ang lahat ng ari-arian ko rito sa Laguna. At iyan na lang ang bahay ko rito. Wala kasi akong naging problema sa Pransya, kaya nakatagal ako ng sampung taon doon.

UBAN: Alam ko rin po iyon.

TENORIO: Nakapag-aral ako. Nakapagnegosyo. Marami akong napuntahang lugar. At naplano kong lahat yon. Kaya maayos talaga ang buhay ko doon. Di nanlalamang sa kapwa. Pag may lumapit sa akin, tinutulungan ko. Kahit sino. Tindera, nag-oopisina, dayuhan, Pranses, mahirap, mayaman. Lahat sila, natulungan ko. Wala akong tinanggihan, isa man sa kanila.

UBAN: E mabuti po naman iyon.

TENORIO: Pero di ko inaasahan, isang araw. Bigla na lamang dumating sa Paris itong si Ubaldo Matimtiman.

UBAN: Ay! Alam kong siya ang nagdala ng problema.

TENORIO: At siyempre, kababayan, kaya pinakisamahan ko siya nang mabuti. Minsan, napag-usapan namin ang tungkol sa magagandang babae. Kung saan ba marami, sa Pilipinas ba o sa Pransya. E hindi naman ako makapagyabang para sa Pilipinas, kasi wala talaga akong matandaan. Tapos, isang Pranses ang nagsalita para sa Pransya. Mayabang siya. Talagang ipinagmalaki ang mga babaeng Pranses. At siyempre, di nagpatalo si Ubaldo. Kaya ibinantayog naman niya ang mga Pilipina. Naku! Nagtalo sila talaga nang katakut-takot. Nang mapuno si Ubaldo, sinabi niya bigla. Meron siyang kamag-anak na babae dito sa Laguna, dito mismo sa bayan natin, na mas maganda pa sa lahat ng mga babaeng ipinagmamalaki ng Pranses.

UBAN: Ay! kilala ko ho siya.

TENORIO: Oo, siya na nga. Si Clarita Matimtiman. Ang asawa ni Candido Matimtiman, na si Mang Dido. Naku! Talagang ipinagmalaki niya ito nang husto. Kesyo ito na raw ang pinakamaganda at pinakamabining babae na dapat makilala ng Pranses. Kaya doon natapos ang pagtatalo. At nanahimik ang Pranses. At ako naman, mula noon, kinalimutan ko ang lahat. Basta ang nasa isip ko lamang, e ang makauwi rito sa Laguna, para makita ang babaeng iyan, may gyera man o wala. At nang dumating nga ako? Aba! Totoo nga! Na talaga palang tanyag rito yang si Clarita Matimtiman, dahil talaga palang mabait at maganda. Kaya lalo akong nagpursigi na makilala siya.

UBAN: Kung sinabi nyo lang sana sa akin yan, noong nasa Paris pa kayo, e di sana'y napayuhan ko kayo kahit papaano. Pero ngayon po, di ko talaga alam kung ano ang dapat nyong gawin.

TENORIO: Wag kang mag-alala. Ang gusto ko lang naman e may makinig sa akin ngayon. At di ako humihingi sa iyo ng payo. Ang sa akin lang naman... e, basta pag kinailangan kita, nariyan ka lang, ha?

UBAN: Maaasahan po ninyo? Pero sa palagay ba ninyo, e may pag-asa pa?

TENORIO: Yun nga ang pinoproblema ko e. Mukhang wala. Kasi, tingnan mo. Baligtad ang ugali namin ni Clarita. Masyado siyang mabait. At imposibleng umibig pa yan sa ibang lalake. Kasi nga, may asawa na siya, di ba? At mayaman ang asawa nya. At sunud-sunuran siya rito. Yun lang nga, may edad na. Saka hindi siya mahilig lumabas ng bahay. Kasi nga, walang kaibigan o makasama. Walang nagiging bisitang lalake sa bahay nila. At dahil sobrang bait niya, sobra din ang paggalang at pag-aalaga sa kanya ng nanay niya at ng mga katulong. Gwardyado talaga siya.

UBAN: E... sa palagay ba ninyo, may magagawa pa kaya tayong paraan?

TENORIO: Kung tutuusin, meron pa. May nakikita pa akong paraan. Kaya lang, mukhang alanganin ako sa naiisip ko, e. O baka naman... nag-iilusyon lang ako na meron pa ngang paraan. Ay naku! Nawawala na nga yata ako sa sarili ko, kasi grabe na itong nararamdaman ko.

UBAN: Pero, bakit ba ninyo nasabi na may pag-asa pa?

TENORIO: Kasi, tingnan mo ha...una: yung asawa nya, si Mang Dido, may pagkabobo yon. Alam mo na, mahina ang kukote at di masyadong nag-iisip. Naturingan pa namang nakapag-aral, e di ginagamit ang kukote at parang may pagka-utu-uto. At pangalawa: gusto nila kasing magka-anak. Anim na taon na silang kasal pero wala pang anak. Mayaman ang mga yan. Kaya alalang-alala sila, na mamatay na walang tagapagmana. A! may ikatlo pa pala! Ang nanay ni Clarita. Si Nanang Bireng! Dati kasi, pala-kaibigan yang si Nanang Bireng. Pero ngayong mayaman na sila, di ko alam kung nagbago na. At kung malalapitan ko ba sya ngayon.

UBAN: E... may nagawa na ba kayo?

TENORIO: Meron na rin, kahit papaano.

UBAN: Gaya ho ng ano?

TENORIO: Kilala mo si Karding? Si Karding Tite? Yung nagtutule sa mga bata? Yung masiba na laging nakikikain dito? Masayang kasama ang taong yan. Kaya naaaliw sa kanya si Mang Dido. At ito namang si Karding Tite, sinasamantala si Mang Dido. Inuuto. Hindi nga siya pinakakain ng matanda, pero nahihingan nya ito ng pakonti-konting barya. Maabilidad talaga. Kaya dapat talaga, e mag-ingat din ako. At nasabi ko na sa kanya, ang tungkol kay Clarita. Nangako naman siyang gagawa siya ng paraan.

UBAN: Siguruhin nyo lang, na di kayo lolokohin nyang si Karding Tite. Alam mo naman ang mga manggagantso at timawa. Mahusay mangako ang mga yan.

TENORIO: Alam ko naman yan. Pero kasi, pag pinagkatiwalaan mo na ang isang tao, dapat lamang na maniwala kang magagawa nya yon. Kaya nga, nangako ako sa kanya, babayaran ko siya. Yan ay kapag natulungan niya ako. Pero, pag hindi naman, puwede pa rin siyang makikain sa bahay. Aba! Malungkot din namang kumaing mag-isa. Saka ano pa ang magagawa ko, kung talagang wala na siyang magawang paraan?

UBAN: At ano naman daw po ang ipinangako niyang gagawin?

TENORIO: Sabi niya, kukumbinsihin nya raw si Mang Dido na maisama ang asawa nito sa mga pista, para maligo sa mga bukal o sumayaw sa Birhen pag prusisyon, at doon humingi ng anak.

UBAN: O, e ano naman po sa inyo kung makapunta sila sa mga pista na yan?

TENORIO: Aba, para sa akin kasi, pwedeng may magbago sa kanya. Alam mo naman kung gaano karami ang tao doon, at tiyak makikihalubilo sila doon... makikikain, makikisayaw.... makikiprusisyon. At doon ako gagawa ng paraan para magkakilala kami. Kahit na gumastos pa ako. Aba, malay mo, dahil dito e, may mangyaring maganda. Hindi ba?

UBAN: Maganda naman po pala ang balak nyo.

TENORIO: Nagpunta na nga si Karding Tite kay Mang Dido ngayong umaga. Sasabihin nya yon. At babalitaan nya raw ako pagkatapos.

UBAN: Aba, ayan na ho silang dalawa.

TENORIO: Doon muna ako, ha? Saka ko na lang lalapitan yang si Karding pag wala na si Mang Dido. Sige na, magtrabaho ka na. Pag may kailangan ako, tatawagin kita.

*(Enter* KARDING *with* MANG DIDO.*)*

MANG DIDO: Mukhang maganda naman yang sinabi mo. Kaya sinabi ko na rin yan sa asawa ko kagabi. Ngayon ko malaman kung papayag siya. Pero alam mo, sa totoo lang, nagdadalawang-isip talaga ako.

KARDING: Bakit ho naman?

MANG DIDO: Hindi kasi ako ang tipo ng tao na madaling maging kampante sa ibang lugar. Lalo na't kasama ko ang pamilya ko. Pati mga katulong. At magbibitbit pa kami ng mga bagahe? Parang mahirap yata yon. Pero kahit ang mga duktor, yan na rin ang sinasabi sakin. Sabi nung isa, lumuwas raw kami sa Obando sa Maynila, at sumayaw sa Birhen ng Sta. Clara. Marami raw nagkaka-anak doon Yung isa naman, sa Birhen daw kami ng Antipolo magsimba, at pagkatapos maligo sa Hinilugang Taktak dahil nakagagamot daw yon ng lahat ng sakit. At sumabat naman yung isa, at ang sabi: Ba't pa raw kami lalayo, e di dyan na lang kami mag-turumba sa Pakil, at pagkatapos, maligo sa Panghulo. Naku! Para silang mga manok na putak nang putak. E kung di ko pa alam, wala naman talaga silang alam. Naturingan pa naman silang duktor.

KARDING: O baka naman... talagang hindi lang kayo mahilig magluluwas at bumiyahe, kasi ayaw nyong mawawala dito sa parokya natin. Di ba, yun ho ang sinabi nyo sa akin dati?

MANG DIDO: A dyan ka nagkakamali! Sa totoo lang ha, kahit nung bata pa ako, mahilig na akong lumaboy. Kung saan-saang lupalop ako nakararating. Sa Pahiyas sa Quezon, dinadayo ko yon. Pati na ang karera ng bangka sa Pagsangjan, nararating ko yon. Halos lahat na yata ng simbahan sa Laguna at Rizal, e napasok ko na dahil mahilig akong maki-pista. At alam mo ba, kahit noon pa man, narating ko na ang Maynila!

KARDING: E di nakita nyo doon ang Teatro Gorilya.

MANG DIDO: Anong Gorilya? Baka Teatro Zorilla.

KARDING: Tama po. Teatro Zorilla nga pala. E di nakita din ho ninyo ang Maynila de ba-i?

MANG DIDO: Oo nakita ko ang lahat ng yan.

KARDING: Mas malaki po ba yon kaysa sa Laguna de Ba-i?

MANG DIDO: Sa Laguna de Ba-i? E mas malaki. Wala kang makikita doon, kundi puro tubig. Tubig dito tubig doon.

KARDING: E sanay na naman pala kayong magpunta kung saan-saan.. E bakit kayo nag-aatubiling makipista at makiprusisyon?

MANG DIDO: Ay naku. Para ka namang bata. Alam mo naman kapag may pamilya ka. Dapat yan, pinaghahandaan nang husto. Hindi basta lalarga ka na lamang. Pero dahil gusto ko talagang magkaanak, at magkaroon ng tagapagmana, kaya susubukan ko ang lahat, hanggang maaari. Sige, ganito ang gawin mo. Tanungin mo rin yung mga duktor na kakilala mo, kung saan pa ang lugar na alam nila. Uuwi muna ako. Baka hinahanap na ako ng asawa ko. Mamaya na lang uli tayo magkita, ha?

KARDING: Kayo ho ang bahala. (MANG DIDO goes.) Ngayon sige, sabihin nyo sa akin, kung may hihigit pa ba sa pagiging utu-uto ng taong ito. Pero tingnan nyo, kung gaano kasuwerte ang bobong iyan, ha? Mayaman siya. Ang asawa, napakaganda, mabait, disente, talagang pang alta-sosyedad. Di ba sabi ng matatanda, di ka pwedeng mamili ng magulang, pero puwede kang mamili ng mapapangasawa mo? Pero bakit kaya meron pa ring mga babae, na ang napapangasawa ay mga bobong lalakeng tulad nito. Ay ewan. Pero may pag-asa pa talaga kami ni Tenorio. Mukhang pakikinabangan namin ang pagiging utu-uto nitong si Mang Dido. Eto na pala si Tenorio.

(TENORIO *comes forward.*)

TENORIO: Di agad kita malapitan kasi kausap mo si Mang Dido.

KARDING: Alam mo, di ko maintindihan ang isang iyon. Ayaw nya raw magpadalus-dalos at gusto munang mag-isip, pero mahina naman ang kukote. Aba'y ayaw umalis at bumiyahe? Pero kinu-kumbinsi ko pa rin. At mukhang mapapa-payag ko rin. Siguro, pag wala na siyang magagawa pa, e, pakikinggan na rin ako noon. Pero alam mo, sa akin lang ha, iniisip ko ngayon, kung tama nga ba itong binabalak natin.



(Dulaang U.P. Photo Files)

TENORIO: Bakit naman?

KARDING: Ganito kasi yon. Di ba pag pista, maraming tao? Paano kung biglang may makasalisi at magkagustong lalake kay Clarita doon? Yung pursigido na gaya mo. Na mas mayaman pa sa iyo, mas guwapo? Tapos napaibig niya si Clarita. E di yung lalakeng yon ang makikinabang sa pinaghirapan natin? O kaya naman, baka lalo pang lumala, kasi baka lalong mainis si Clarita, dahil mas lalong dadami ang mambubwisit sa kanya. O sa kabilang banda, baka naman magustuhan nya na maraming humahabol sa kanya. Kaya, kalauna'y makapili siya doon ng ibang lalake. At hindi ikaw. Naiintindihan mo ba ako?

TENORIO: Oo nga ano. May punto ka. Naiintindihan kita. Pero... ano pa ang pwede kong gawin? Ibig mong sabihin, wala na talaga akong pag-asa? Aba! Hindi pwede ito! Dapat, may gawin ako! Kahit na gumawa pa ako ng eskandalo! O malagay sa peligro ang buhay ko! O kahit na pumatay pa ako ng tao! Talagang mas gugustuhin ko pa ngayon ang mamatay kaysa mabuhay! Gawa tayo ng paraan... Makapaghihintay naman ako basta... makakaya ko pang kumain... matulog... o anumang makapagpapagaan ng loob ko. Pero sa nakikita ko ngayon, parang wala na talaga akong pag-asa. Talagang mamamatay na ako ngayon, kasi wala na akong nakikita, kahit katiting na pag-asa! Kaya kung kamatayan

talaga ang dapat, pwes hanggang kamatayan. Kahit na alam kong mali ito at tiyak na magkakagulo. Basta mapa-ibig ko lamang siya.

KARDING: Hoy! Huminahon ka nga. Grabe ka naman. Manahimik ka nga muna dyan. Ang dami-dami mo nang sinabi!

TENORIO: Anong huminahon? Pag huminahon ako, sari-sari ang naiisip ko! Gusto ko na talagang mamatay! Utang na loob, kailangan talaga natin siyang mapapunta sa pista. O kung hindi pupwede yon, dapat, mag-isip pa tayo ng ibang paraan. Kahit na ano. Para lang magkaroon pa tayo ng pag-asa.

KARDING: Sige mag-isip pa tayo. Sisikapin kong makaisip ng iba pang paraan. Basta tumahimik ka muna.

TENORIO: Alam kong may magagawa ka pang paraan. Ikaw pa? Na sinungaling at bulaan? Pero alam ko namang hindi mo ako tataluhin, hindi ba? Dahil sa oras na niloko mo ako, di ka na makakapasok sa bahay ko. Di ka na makaka-kain pa. Magugutom ka. Dahil wala namang nagpapatuli sa iyo araw-araw. At pati yung pinangako ko sa iyo, mawawala yon.

KARDING: Ano ka ba? Baliw ka na nga talaga? Kung anu-ano yang pinagsasa-sabi mo? Bat ka ba biglang naghinala sa akin ng ganyan? Kahit na wala kang ibigay sa akin, gagawin ko ito para sa iyo. Kasi, kahit ako, gusto kong magawan ito ng paraan. Sandali, saka na nating pag-usapan yan. May sasabihin nga pala ako sa iyo. Alam mo bang nagpapahanap sa akin si Mang Dido ng duktor? Para hingan ng opiniyon tungkol sa problema nila? Hmm.. alam ko na! Ganito ang gawin natin. Kunwari... duktor ka! Nagtapos ka ng Medisina sa ibang bansa. At nakapagtrabaho sa ospital sa Paris. Tama! Ganun ang palabasin natin! Maniniwala agad yon. Kasi utu-uto yon! Madaling bilugin ang ulo ng taong yon. Saka totoo namang nakapag-aral ka, di ba? Kaya ipakita mo sa kanya yan. Kausapin mo siya ng Latin. Naku, sigurado ako, bibilib yon.

TENORIO: O, pagkatapos?

KARDING: Aba, e di pagkatapos, tayo ngayon ang magsasabi sa kaniya, kung saang bayan o pista dapat sila magpunta! Hindi ba? O kaya naman... yung isa pang iniisip ko, na mukhang mas mabilis, at mas sigurado kaysa dyan sa paliligo sa Antipolo o pagsasayaw sa Obando.

TENORIO: Ano yon?

KARDING: Ganito. Kung may tiwala ka sa akin, at kaya mong sumugal, mangyayari ang gusto mo. Bukas na bukas din. At kahit na

maisipan pa ni Mang Dido na alamin kung duktor ka nga o hindi—na malamang, hindi nya maiisip gawin—e wala na syang oras para mag-imbestiga pa. Saka kung sakali mang malaman nyang niloloko natin siya? Wala na siyang magagawa pa! Kasi nagawa na natin ang plano.

TENORIO: Pinaa-asa mo uli ako. Paano ba ang gagawin mo?

KARDING: Basta. Ako ang bahala. Saka na lang tayo mag-usap uli. Kasi, kaunti na ang oras. At dapat, kumikilos na tayo. Ganito na lang muna ang gawin mo. Umuwi ka muna. Hintayin mo ako sa bahay mo. At pupuntahan ko si Mang Dido. Tapos, makikipagkita kami sa iyo mamaya. At pag nag-uusap na tayong tatlo, sumakay ka lang sa mga sasabihin ko. Umoo ka na lang nang umoo. At ako ang bahala.

TENORIO: Sige, basta susunod lang ako sa sasabihin mo. Pero diyos ko, sana naman, hindi na mabulilyaso ang binabalak natin na ito. Magkita tayo mamaya.

*Awit: O Pag-ibig!*

O Pag-ibig, ang kapangyarihan
Mo lamang ang makapagtuturo
Sa mga tao ng iyong kahulugan
Ng iyong puspos na kaligayahan
Na hatid sa buong santinakpan.

Ang luwalhati ng kasiyahan
At kakambal nitong kalungkutan
Tamis ng halik na inaasam
Hindi makakamit kailanman
Pag sa pag-ibig, di nanindigan.

Mga pag-asa at agam-agam
Nakalulusaw, nakapaparam.
Ng pusong nagugulumihanan
Kahit mga diyos may agam-agam
Sa hatid mong sawing kapalaran.

## IKALAWANG YUGTO

(*Enter* KARDING *and* MANG DIDO.)

KARDING: Sinasabi ko sa iyo. Itinalaga ng langit na makilala nyo ang taong ito para tulungan kayo. Alam nyo bang marami nang nagamot yan sa Paris? At huwag kayong magtataka kung bakit hindi siya nang-gagamot dito sa Pilipinas. Mayaman kasi siya. Saka isa pa, malapit na siyang bumalik sa Pransya.

MANG DIDO: Naku! E yan na nga ang takot ko. Baka mamaya e, magtiwala ako dyan sa taong yan. Tapos, bigla namang umalis. At iiwan tayo ritong nakatunganga.

KARDING: Sus, wag nyo munang isipin yan. Ang alalahanin nyo muna ngayon, kung tatanggapin ba niya ang kaso nyo. Hindi kasi tayo nakasisiguro. Pero pag tinanggap niya? Aba! pumayag na kayo agad. At sigurado akong matutulungan kayo niyan. Gagawin nya ang lahat para kayo magkaanak. Maniwala kayo. Di nya kayo pababayaan.

MANG DIDO: Basta nariyan ka lang lagi. At malalaman ko naman agad, kung talagang may pinag-aralan yang taong yan. Sa unang buka pa lang ng bibig nya, hmm.. alam ko na. Kilala mo naman ako, Karding, hindi ako agad napapabilib ng mga taong may diploma't napakapagsuot ng toga. Kahit nagtapos pa sa ibang bansa.

KARDING: Kaya nga sana, makilala nyo ito. Kasi alam ko naman ang kalibre nyo, ano? Kaya nga isusugal ko ang pangalan ko, kapag hindi kayo bumilib sa kalibre ng taong ito.

MANG DIDO: O siya. Sige, tayo na, Puntahan na natin siya. Saan ba siya nakatira?

KARDING: Doon lang.

MANG DIDO: Mabuti, malapit lang pala.

KARDING: (Knocks) Tao po!

UBAN: (within) Sino po sila?

KARDING: Nariyan ba si Tenorio?

UBAN: Narito po.

MANG DIDO: Bakit Tenorio ang tawag mo sa kanya? Di ba dapat Duktor Juanito Tenorio?

KARDING: Ay naku! Hindi ho mahalaga sa kanya yang mga ganyang tawag.

MANG DIDO: Ano ka ba? Igalang mo siya. Bakit naman siya aayaw na tawaging duktor? E duktor naman talaga siya.

*(Enter* TENORIO, *dressed as a doctor.)*

TENORIO: Sino po sila?

MANG DIDO: Bona dies, domine magíster.

TENORIO: El vobis bona, domine doctor.

KARDING: O, ano ngayon ang masasabi nyo, ha? Naniniwala na kayo?

MANG DIDO: Oo nga. Marunong ngang mag-latin ang isang ito.

KARDING: Pero kung gusto n'yo akong dumito, mag-Tagalog kayo. At kung hindi, iiwanan ko kayo.

TENORIO: E... ano ho ba ang sa atin?

MANG DIDO: Paano ko nga ba sasabihin ito. Dalawang bagay kasi ang sadya ko rito, na siguradong hindi magugustuhan ninuman. Una, ang lutasin ang sariling problema. At ikalawa, mandamay ng ibang tao para sa sariling problema. Ganito kasi yon. Di na ko magpapaliguy-ligoy pa. Wala kaming anak, at gusto kong magkaanak. Yan ang pinoproblema ko, at iyan ang inilalapit ko sa inyo ngayon.



(Dulaang U.P. Photo Files)

TENORIO: Handa akong tumulong. Kayo pa ba ang tatanggihan ko? Na isang edukado at kilala rito sa bayan? Saka, bakit pa ho ako mag-aaral ng maraming taon sa Paris, kung hindi ko rin naman tutulungan ang marangal na taong gaya ninyo?

MANG DIDO: Naku, mabuti po naman kung gayon. Makakaasa kayo sa akin. Kapag kayo naman ang nangailangan, e di kayo mapapahiya. Pero gaya nga ho ng sabi ko, ad rem nostram. Ano ho ba, sa palagay nyo, ang pinakamainam naming gawin? Alam kong nasabi na sa inyo ni Karding ang sitwasyon naming mag-asawa.

TENORIO: Totoo nga po. Pero bago ho iyon, gusto ko munang malaman kung bakit sa palagay nyo, hindi kayo magkaanak. Nam causae sterlitatis sunt: aut in semine, aut in matice, aut in instrumentisseminarlis, aut in virga, aut in causa extrínseca.

MANG DIDO: *(Ito na yata ang pinakamahusay na taong ipinakilala mo sa akin.)*

TENORIO: Ganoon na nga ho. At kung ganyan nga ang kaso, talagang wala na hong lunas yan. At malamang... kayo ho ang may problema.

MANG DIDO: Ako! May problema? Duktor, pinatatawa mo yata ako! Alam mo bang sa buong bayan, wala nang mas hihigit pa sa pagkalalaki ko?



(Dulaang U.P. Photo Files)

TENORIO: A. e...ganun ho ba? E sige po, pag-aralan ho natin kung bakit nga wala pa kayong anak, at nang magawan natin ng paraan.

MANG DIDO: Yun na nga ho e. Baka ho may iba pa kayong alam na paraan bukod dyan sa pagsasayaw sa Birhen o paliligo sa mga batis at bukal. Ayaw kasi ng asawa ko na bumiyahe pa, at magpunta kung saan-saan.

KARDING: Naku, sandali! Naalala ko na! Meron pa hong ibang remedyo. Alam nyo naman itong si Tenorio, hindi yan mayabang, at hindi nagpiprisinta. Naalala mo bang may binanggit ka sa akin? Na meron ka dating tinitimplang gamot para sa pagbubuntis?

TENORIO: Ha? A... e... e.... A! Meron nga. Pero kasi, kasi... hanggang maaari, hindi ko ito nirereseta kahit kanino. Ibinibigay ko lamang ito sa mga pinagkakatiwalaan ko.

MANG DIDO: Aba, kung gayon, magtiwala ka sa akin. Kasi, hindi naman ako nagdududa sa galing mo.

KARDING: Pero... di ba kailangan mo munang.... mapag-aralan ang.... ihi ng pasyente para malaman kung uubra yung gamot?

TENORIO: Oo nga pala. Kailangan ko munang maeksamen ang ihi. Ang ihi ng pasyente! Tama.

KARDING: Tawagin mo na si Uban. Para siya na lang ang sumama kay G. Candido sa bahay niya. Tapos, hintayin na lang natin sila rito.

*(Enter* UBAN.*)*

TENORIO: Uban, samahan mo si G. Candido. At kung makababalik kayo agad, mas mabuti.. Para matingnan na natin agad ang ihi ng pasyente.

MANG DIDO: Sige. Babalik ako agad. Mabilis pa sa alas kuwatro. Malaki ang tiwala ko sa iyo kaysa sa mga iba dyang nagmamarunong.

(TENORIO *and* CARDING *go out.)*

MANG DIDO: Mahusay na tao ang amo mo, ha?

UBAN: Totoo ho yan.

MANG DIDO: Siguro pati ang Hari ng Pransya, bumilib sa kanya ano?

UBAN: Ha? A... e...Ganun na nga po.

MANG DIDO: Kaya siguro nagustuhan niyang mamuhay sa Paris, ano?

SIRO: Ay! oho. Tama ho kayo.

MANG DIDO: Tama nga yung ginawa niya. Kasi, kung dito siya tumira, siguradong walang makakakilala sa husay niya. Alam mo naman ang mga tao rito sa atin. Puro bobo! Hindi marunong kumilala ng magagaling. Ay naku, alam ko yan. Kaya tingnan mo ako, di na rin ako nagpursigi sa pag-aaral ng Latin. Kasi bukod sa wala namang makakaintindi sa akin dito sa atin, e hindi rin naman ako kikita ng pera dyan. Buti kong mabuhay ko ang pamilya ko sa pagsasalita ng Latin.

UBAN: E magkano ho ba ang kinikita nyo sa isang taon?

MANG DIDO: Ay naku! Wag mo nang alamin pa. Napakaliit. Nakakahiyang sabihin. Makinig ka. Sa sitwasyon natin ngayon, dapat marunong kang dumiskarte sa buhay at sumakay sa palakad ng Gobyerno. Dahil kung hindi, magdidildil ka ng asin. Ang mga taong gaya namin na kunwa'y nakapag-aral, e, kumikita lang sa mga kasal, at alam mo na…patambay-tambay araw-araw. Pero ako, wala akong problema. Kasi di ako umaasa kahit kanino. Di gaya ng iba dyan... na talaga namang nakakahiya ang pinag-gagagawa. Hindi ko yata masisikmura na gumawa ng mga ganoong kabalbalan.

UBAN: Oo nga ho.

MANG DIDO: O, hintayin mo na lang muna ako rito. Mabilis lang ako.

UBAN: Sige lang po. *(MANG DIDO goes.)* Isipin nyo, kung ang lahat ng mga nakapag-aral, e tulad ng taong ito na utu-uto, Diyos ko, naging isang malaking ospital siguro ng mga baliw ang mundong ito. Naku, nasisiguro ko, na yang si Karding Tite, kakutsaba yang amo ko. Pinaglalaruan lamang nila ang taong ito, hanggang mapahamak. Sige, hahayaan ko lamang kayo. Basta ba huwag nila akong idadamay, e. Pero pag nagkagulo, mukhang mapapahamak din yata ako. Pati ang amo ko, at baka pati ang kabuhayan niya. Tingnan nyo nga naman. Aba'y naging duktor siya bigla. At di ko talaga alam kung bakit. Sandali, eto na ang matandang aanga-anga. May dala-dalang botelya. Ay naku. Siguradong ngunguynguy ito pag nagkataon.

*(Enter MANG DIDO.)*

MANG DIDO: *(To CLARITA, off.)* Lagi na lang ikaw ang nasusunod, a! Ako naman ngayon ang pagbigyan mo. Ay naku! Kung alam ko lang na ganito ang mangyayari sa akin? Sana, yung katulong na lang namin ang pinakasalan ko. Tara na, Uban. Ay! Talaga naman! Ang hirap

pakiusapan ng babaeng yan. Ayaw makisama. Hindi mo mahingan ng tulong. Ang daming alingasngas bago sumunod. Nakakainis!… Alam mo, hindi naman sa wala siyang pakialam. Sa totoo lang, gusto nya rin kaming magka-anak! Ang problema, sa oras na may ipagawa ka sa kanya? Naku! Asahan mo... gyera-patani na!

UBAN: Pagpasensyahan nyo na lang po. Nakukuha naman po yan sa mabuting usapan. Madali ho namang kausap ang mga babae.

MANG DIDO: Anong mabuting usapan ang pinagsasasabi mo dyan! E malapit na akong matuyuan ng dugo sa babaeng yan. Sige na.Mauna ka na't sabihin mo sa amo mo, na padating na rin ako.

UBAN: E ayan na po sila.

*(Enter* TENORIO *and* KARDING.*)*

KARDING: *(Wala tayong problema kay Mang Dido. Pero sa asawa nya, mukhang meron tayong problema. Pero may paraan tayo dyan.)*

TENORIO: O, nasaan na po ang gamot?

MANG DIDO: Na kay Uban.

TENORIO: Aber tingnan ko nga. Hmm... hmm... hmm.. Naku, mukhang may problema nga ito, Mukhang may sakit … at parang sa bato.

MANG DIDO: Parang kakaiba nga ang kulay nyan. Pero kabibigay lang yan ngayon.



(Dulaang U.P. Photo Files)

TENORIO: Huwag na kayong magtaka kung bakit ganyan ang kulay nyan. Nam mullieris urinae sunt semper maioris grossitiei et albedinis et minoris pulchritudinis quam virorum. Huius autem in caetera, causa est amplitudo canalium, mixtio eorum quae ex matrice exeunt cum urina.

MANG DIDO: Panginoon ko! Mahahabaging Birhen ng Turumba! Napakahusay niyang mag-Latin. Bagay na bagay sa kanyang dila. Aral na aral talaga.

TENORIO: Malamang, hindi siya nagkukumot pag gabi, ano? Kaya siguro ganito ang kulay ng ihi niya.

MANG DIDO: Nagkukumot naman siya. Kaso, apat na oras syang nakaluhod, habang nagrorosaryo bago matulog. Pero para namang hindi sya nilalamig o giniginaw?

TENORIO: O sige, G. Candido. Kung may tiwala kayo sa akin, ibibigay ko sa inyo ang gamot. Pero kung ayaw naman ninyong magtiwala, wala na ho akong magagawa pa. At hindi ho natin itutuloy. Ang sa akin lang naman kasi, gusto ko talaga kayong tulungan. At kung magtitiwala kayo sa akin, malulutas talaga ang problema ninyo. At isang taon mula ngayon, magkaka-anak kayo. Ako ang magbabayad sa inyo kapag hindi kayo nagkaanak.

MANG DIDO: Basta sabihin mo lang kung ano ang dapat kong gawin. At susundin kong lahat. Magtitiwala ako sa iyo, higit pa sa tiwala ko sa kura.

TENORIO: Sige po. Makinig kayong mabuti. Ganito po. Para mabuntis ang asawa nyo, dapat syang uminom ng gamot na Mandragola. Pinakamahusay ang gamot na ito. At subok ko na ito. Kasi, maraming beses ko na itong nagamit. At laging nagbubuntis ang babae. Alam nyo ba, na kung hindi dahil sa mga ugat na ito na Mandragola? Wala ngayong anak ang hari ng Pransya. Pati na ang mga prinsesa doon.

MANG DIDO: E posible pala talaga?

TENORIO: Sinasabi ko na nga sa inyo. At maswerte kayo, kasi may dala ako ngayong ugat ng Mandragola. At mabibigyan ko kayo ngayon.

MANG DIDO: E...kelan nya naman dapat iyan inumin?

TENORIO: Ngayong gabi, bago ang hapunan. Tamang-tama, kabilugan ngayon ng buwan. Kaya sana, magawa na natin ito mamayang gabi.

MANG DIDO: Wag kang mag-alala. Basta ihanda nyo lang ang gamot. Ako na ang bahala para mainom nya yan.

TENORIO: Pero, sandali. Dapat nyo nga palang malaman din ito. Ang unang lalake, na makakasiping ng babaeng iinom ng Mandragola, mamamatay, sa loob ng walong araw. At walang anumang gamot o himala na makapagliligtas sa lalakeng ito.

MANG DIDO: Ha? Mamatay? Aba siyempre. Hindi ako sisiping sa kanya! Ano ako, baliw? Ayoko pang mamatay! At ayoko ring maging biktima ng ganyang kabalbalan, ano? Ano ba yan? Ano bang ugat yan?

TENORIO: O, sandali. Humihinahon muna kayo. May iba pa namang paraan.

MANG DIDO: Anong paraan?

TENORIO: Ganito.. Makinig ho uli kayong mabuti.... Pwede tayong humanap ng lalakeng sisiping sa asawa nyo. Nang sa ganon... siya ang makakakuha ng impeksyon, na tatanggalin ng Mandaragola. Tapos noon, pwede na kayo uling magsiping. At wala nang anumang peligro.

MANG DIDO: Ay naku! Hindi ako makapapayag dyan! Di ko yan talaga magagawa!

TENORIO: Bakit naman hindi?

MANG DIDO: Kasi magmumukha namang mumurahin ang asawa ko nyan. At ang labas ko naman… pindeho?

TENORIO: Ganun ba ang tingin nyo? Sayang! Ang akala ko pa naman, matalino kayo. Di ba ninyo kayang parisan ang ginawa ng hari ng Pransya at ng kamag-anak nya?

MANG DIDO: Pero sino sa palagay nyo ang papayag sa kahangalang ito, aber? Pag sinabi ko sa lalakeng ito, na mamatay siya pagkatapos nyang sumiping sa asawa ko, siguradong di papayag yon. At kapag di ko naman sinabi ang totoo, e lalabas na niloko at pinatay ko naman siya. Aba'y malaking gulo yan! Daig ko pa ang nagbigti niyan. Ayoko! Hindi ko kaya yan.

TENORIO: Kung yan ang takot nyo, gagawa tayo ng paraan.

MANG DIDO: Ano ang gagawin mo?

TENORIO: Ganito. Makinig ho uli kayong mabuti. Ibibigay ko sa inyo ang Mandragola mamaya pagkatapos ng hapunan. Ipainom nyo sa kanya. Tapos, patulugin nyo sya, pagkalipas ng apat na oras. Tapos, magbabalat-kayo tayo. Magpapanggap tayo... kayo, sina Karding, Uban, pati ako.

Tapos, lilibot tayo sa kabisera, sa lumang palengke, sa bagong palengke, sa mga lansangan. At yung unang palaboy na batang lalake na masasalubong natin, susunggaban natin. Babalutin natin sa kumot. Igagapos. At saka natin bubuhatin, at hihilahin papunta sa bahay nyo, hanggang sa kwarto. Tapos, pahihigain natin siya sa kama nyo. At sasabihin natin sa kanya kung ano ang dapat nyang gawin. Tapos, wala na tayong problema. Sa madaling araw, patatakasin natin siya. Yung asawa nyo naman, hayaan nyong maligo pagkatapos. At magagawa mo na ang anumang gusto mo sa asawa mo, nang walang anuamang peligro. Hindi ba?

MANG DIDO: Hmm... O siya, Sige. Dahil sinabi mo na... ganito rin ang ginawa ng hari ng Pransya at kamag-anak nya, pumapayag na ako. Pero pakatandaan mo. Sa atin-atin lang ito a. Walang sinumang makakaalam nito.

TENORIO: Sino kaya sa palagay ninyo ang magsasabi nito sa iba?

MANG DIDO: Pero sandali. May problema pa rin tayo. At medyo mahirap ito.

TENORIO: Ano ho iyon?

MANG DIDO: Ang asawa ko. Naku! Hindi talaga papayag yon. Maniwala kayo.

TENORIO: Ha? Ganun ba. E ano pa ho at kayo ang naging lalake, pero hindi nyo siya mapasunod?

KARDING: E kung ganito na lang kaya.

MANG DIDO: Paano?

KARDING: E kung ipakausap natin siya sa kura?

TENORIO: Pero sino naman ang kukumbinsi sa kura?

KARDING: E di ikaw, ako, pera, abilidad—abilidad niya.

MANG DIDO: Mukhang puwede yan. Pero, magwawala talaga ang asawa ko pag sinabi kong kakausapin siya ng kura.

KARDING: May solusyon pa rin tayo dyan.

TENORIO: Ano?

KARDING: E di hamong ang nanay nya ang kumumbinsi sa kanya para makausap siya ng kura.

MANG DIDO: Hmm... Subukan natin. Kasi nakikinig yan sa nanay nya, e.

KARDING: Maaayos yan, kasi maiintindihan tayo ng nanay nya. Halika na kayo. Dapat, kumikilos na tayo. Mag-gagabi na. Tenorio,

maglakad-lakad ka muna. Pero dapat ihanda mo na ang Mandragola, dalawang oras bago maghating-gabi, ha? Kasi, kami namang dalawa ni G. Candido, kakausapin namin ang byenan nya. Magkasundo naman kami ni Aling Bireng, kaya tutulong ako sa pagkumbinsi. Tapos didiretso na kami sa kura. At saka namin sasabihin sa iyo kung ano ang nangyari.

TENORIO: Pero dalian ninyo, ayokong mag-isa rito.

KARDING: Basta mamasyal ka lang muna dyan.

TENORIO: Saan ako ngayon pupunta?

KARDING: Naku, kahit saan. Marami kang pwedeng puntahan.

TENORIO: Ay naku. Ano bang gayuma meron ang babaeng ito?

*Awit: Tuwang-tuwa*

Tuwang-tuwa itong loko (8)
Walang malay, inuuto (8)
At sunud lamang nang sunod (8)
Kaya naging bala sa kanyon. (8-9)

Di gaanong malisyoso
Kaya madaling maloko
Tiwala nya'y hanggang buto
Kaya laging gina-gago

Palibhasa, matanda na
Pangarap, tagapagmana
Nabitag ng pakana
Naniwala sa himala

Dahil sanggol ay biyaya
Kaya nalimot ang lahat
Basta masilang ang bata
Na di siya ang may gawa.

## IKATLONG YUGTO

*(Enter* NANANG BIRENG, MANG DIDO, *and* KARDING.*)*

NANANG BIRENG: E kung dahil dyan, magkakaanak sya, e bakit hindi? At makakaya naman ng konsensya natin yang iniisip nyo, e di sige! Mabuti na yung may ginagawa tayong paraan, kaysa naman sa wala.

MANG DIDO: E ganun na nga.

KARDING: Mainam ho sigurong puntahan na ninyo ang anak ninyo. Tapos, kami naman, pupuntahan namin si Padre Salve. Kami ang bahalang magpapaliwanag sa kanya. Sige na ho. At nang malaman na rin natin agad, kung ano ang sasabihin niya.

NANANG BIRENG: Sige, tayo na. Pupuntahan ko na yang si Clarita. Sa ayaw niya't sa gusto, ipakakausap ko sa kanya ang kura. *(She goes.)*

MANG DIDO: Nagtataka ka siguro, Karding, ano? Kung bakit namin pino-problema si Clarita? Naku! Kung alam mo lang ang nangyari sa asawa kong yan?

KARDING: Dahil ho ba sa mahilig magsuspetsa ang mga babae?

MANG DIDO: Ay naku, hindi. Alam mo, napakabait dati nyang si Clarita. Sobra. Napakadaling kausap. Wala akong kaproble-problema sa kanya. Kaso, may nangyari, e. Sinabihan kasi siya ng kapitbahay namin noon, na para kami magkaanak, dapat, magsimba siya tuwing umaga sa ibayo, sa loob ng apatnapung araw. At ginawa nya yon. Pero nang nakaka-dalawampung simba na siya doon, tumigil bigla. Kasi, nagsimula na siyang halayin ng mga sacristan doon. Kaya buhat noon, sinumpa niyang di na uli siya babalik doon. Nakakadismaya naman kasi talaga, di ba? Kung sino pa yung inaakala mong magtuturo ng kabutihan, e sila pa itong promotor ng kasamaan.

KARDING: Sobra naman yan! Grabe sila.

MANG DIDO: Naku, mula noon, naging maingat na yan. Naging mapagmatyag. At wag mong makakanti, kasi sisigawan ka nyan. At huwag mong mababanggit sa kanya ang tungkol sa pagbubuntis. Kasi, bubungangain ka nyan.

KARDING: Kaya pala. E, ano ho ang nangyari sa pamamanata niya?

MANG DIDO: Aba, e di pinagpatuloy nyang mag-isa sa bahay.

KARDING: Mabuti naman. Pero... bago ko ho malimutan. E... Baka ho... may pera kayo? Kasi po, dapat nga pala nating kaibiganin ang

kura. Alam nyo na? Para mapadali ang plano natin... At saka dapat, maipahiwatig natin sa kanya na marami pa syang matatanggap na biyaya mula sa atin.

MANG DIDO: O, eto. Kunin mo na ito. Sige na. At mababawi ko rin yan sa ibang paraan.

KARDING: Alam naman nating tuso ang mga prayleng yan. Kayo na rin ho ang nagsabi kanina. Hindi ho ba? Palibhasa, alam nila ang mga kasalanan natin. Pero...alam rin naman natin ang kabalbalan na ginagawa nila, hindi ba? At ang kawawa, yung mga hindi nakaka-alam sa mga pinaggagagawang katarantaduhan ng mga prayle. Kasi, maari talaga silang mabitag sa mga pakana nito. Hindi ho ba? Kaya huwag ho tayong masyadong babanggit ng kung anu-ano sa prayle, at baka masayang ang mga plano natin. Sa bagay, may tiwala naman ako sa inyo kasi, alam ko hong matalino kayo, nakapag-aral, at talagang malawak ang nabasa ninyo tungkol sa maraming bagay. Pero sigurado akong hindi ninyo alam kung paano talaga ang sistema sa loob ng kumbento, ano?.. *(Sana naman, e hindi nga kami ipahamak ng bobong ito.)*

MANG DIDO: Basta sabihin mo lang kung ano ang dapat kong gawin.

KARDING: Basta ganito ho ang gagawin natin. Tatahimik lang kayo. Hintayin nyo lang ang senyas ko, saka kayo magsalita.

MANG DIDO: Sige. Anong senyas naman ang gagawin mo?

KARDING: Kikindat ako, at kakagatin ko ang labi ko. A... hindi, huwag ganon. Mag-isip tayo ng iba. A... ganito na lang. Kelan nyo ba huling nakausap ang kura?

MANG DIDO: Naku... mahigit nang sampung taon.

KARDING: Mabuti kung ganon. Sasabihin ko sa kanya na... na... bingi kayo! Tama! Bingi! At dapat sinisigawan kayo, para kayo makarinig. Ayos ho ba yon?

MANG DIDO: Ha? Sige.

KARDING: Pag di nyo maintindihan ang sinasabi ko, wag kayong maiinis, ha? Basta tangu lang kayo nang tango.

MANG DIDO: Sige. Tatangu na lang ako. O, paano, magkita na lang tayo mamaya.

*(*KARDING *and* MANG DIDO *go out.)*

*(Enter* PADRE SALVE *and the* BATANG BYUDA.*)*



(Dulaang U.P. Photo Files)

PADRE SALVE: Baka gusto mong mangumpisal. Pwede ngayon.

BYUDA: Naku, padre. Saka na po ako mangungumpisal. May naghihintay po kasi sa akin. May sasabihin na lang po ako sa inyo. Kasi, sobra po talaga akong nag-aalala. E, sandali, nakapag misa na po ba kayo?

PADRE SALVE: Oo, tapos na.

BYUDA: Eto ho ang bulaklak. Ipagdasal po ninyo sa loob ng dalawang buwan ang kaluluwa ng asawa ko. Tuwing Lunes po. Alam ko hong masyado nya akong pinahirapan.... pero ano ho ang magagawa natin, e... tao lang naman tayo. Nakukunsensya nga ho ako... kahit papaano, pag naalala ko siya. Sigurado ho ba kayo talaga, na nasa purgatoryo ang kaluluwa ng asawa ko?

PADRE SALVE: Oo. Sigurado ako.

BYUDA: Alam nyo naman kung ano ang ginawa nya sa akin noon. Napagod na nga yata kayo, sa kapapakinig sa mga problema ko. Talaga hong nagtiis ako hanggang sa makakaya ko, pero talagang sobra ho siya. Patawarin sana siya ng Diyos.

PADRE SALVE: Wag kang mag-alala. Mapagpatawad ang Panginoon. Basta ba patuloy tayong magdasal at mag-alay ng sarili sa Diyos, mauunawaan niya tayo.

BYUDA: Sa palagay nyo ba'y mag-gi-giyera pa uli?

PADRE SALVE: Oo, mag-gi-giyera uli, pag di kayo nagdasal.

BYUDA: Diyos ko po, iligtas nyo po kami sa kapangahasan. Kasi po, takut na takot ako talagang mamatay sa giyera. Ay, sandali lang po. Naroon na ang kumare ko, at may ibibigay yata sa akin.. Salamat po, Padre.

PADRE SALVE: Pagpalain ka ng Diyos. (BATANG BYUDA goes.) Sadyang mapag-bigay talaga ang mga babae, at masyadong mapag-alala. Yung mga tumatanggi sa babae, nakaiiwas talaga sa gulo. Pero mas marunong yung mga di-tumatanggi, kasi busug na busog sila. Kaya nga ba't sila ang talagang pinuputakte ng suwerte.

*(Enter* KARDING *and* MANG DIDO.*)*

Aba! nagawi kayo rito? Hindi ko kayo nakilala, G. Candido Matimtiman.

KARDING: Lakasan ho ninyo ang boses nyo. Hindi nya ho kayo naririnig. Bingi ho siya.

PADRE SALVE: Sabi ko ho, di ko kayo nakilala.

KARDING: Mas malakas pa ho.

PADRE SALVE: Sabi ko, di ko kayo nakilala.

MANG DIDO: A oo.. talagang ako'y malala na.

PADRE SALVE: Ano ang maitutulong ko sa inyo?

MANG DIDO: A.. tama ka. Noong huli tayong magkita, e Hunyo!

KARDING: E... tayo na lang ho muna ang mag-usap, Padre. Kasi, pag siya ho ang kinausap nyo, e baka malagot ang litid nyo sa kahihiyaw.

PADRE SALVE: May maitutulong ba ako?

KARDING: Si G. Candido ho kasi, saka yung isa pa naming kaibigan, e balak hong magbigay ng pera sa simbahan.

MANG DIDO: Tinamaan na nang lintik!

KARDING: *(Tumahimik kayo. Kunwari lang.)* A... Padre. Wag ho kayong magugulat sa mga sinasabi niya. Kasi ho minsan... ang akala nya, e tama yung mga naririnig nya. Kaya sumasabat, kahit mali naman.

PADRE SALVE: Ganumba? Magpatuloy ka lang, at pabayaan mo lang siyang sumabat.

KARDING: Meron nga ho kaming perang iaabuloy sa simbahan. At alam namin, na kayo ang makakatulong sa amin.

PADRE SALVE: Aba'y sino pa nga ba?

KARDING: Pero Padre, may pakikisuyo ho sana muna kami sa inyo ni G. Candido. Baka matulunganan nyo kami sa problema nya ngayon. Kasi ho, nakasalalay dito ang pangalan ng pamilya nya.

PADRE SALVE: Sige, ano ba yon?

KARDING: Di ko alam kung natatandaan nyo pa si Ubaldo Matimtiman? Yung pamangkin ni G. Candido?

PADRE SALVE: Oo, kilala ko siya.

KARDING: Nagpunta ho kasi yon sa Pransya nung isang taon, para magnegosyo. Di ho ba, namatay ang asawa nya? Kaya pinagkatiwala nya ang anak na dalaga sa kumbento. At Padre… di ko na ho muna sasabihin kung saang kumbento, ha?

PADRE SALVE: O sige, bahala ka. Pero ano ang nangyari?

KARDING: Dahil ho siguro sa kapabayaan ng mga madre, at dahil matigas din siguro ang ulo nitong si babae, kaya po... nabuntis ho! At apat na buwan na ngayon ang tiyan. Kaya pag hindi naremedyuhan ito, maeeskandalo ho ang kumbento, ang dangal ng babae, ni Ubaldo at ng buong angkan ng Matimtiman. At itong si Mang Dido… ayaw na ayaw ho ng mga ganitong eskandalo. Kaya ho, handa siyang mag-abuloy ng pera sa kumbentong iyon, para mapanatiling lihim yon, at hindi na kumalat pa ang kahihiyang ito

MANG DIDO: Ano ba yang pinagasasabi mo. Di totoo yan.

KARDING: *(Sabi nang tumahimik kayo dyan.)* Sa inyo ho namin ipabibigay ang donasyon. Kasi, kayo ho ang pwedeng makipag-usap sa kumbento.

PADRE SALVE: Para ano?

KARDING: Para ho kumbinsihin ang kumbento na... na... bigyan na lamang ang babae ng gamot, para ipalaglag ang bata.

PADRE SALVE: Hmm... mukhang makakaya ko yan.

KARDING: Isipin na lang ho ninyo, ang buting idudulot nito. Maliligtas sa kahihiyan ang kumbento, ang babae, ang pamilya niya. Muling magkaka-ayos ang mag-ama, papayapa ang loob ni G. Candido, pati na ang pamilya niya, at magkakapera pa ang kumbento. Gayung ang masasakripisyo lang naman natin ay kapirasong laman. Saka hindi natin alam, na baka pag isinilang ito, e magdulot pa ng malaking problema. At naniniwala akong para sa kabutihan naman ng lahat ang gagawin natin, hindi ho ba?

PADRE SALVE: Sige, gagawin natin yan sa ngalan ng Panginoon. Ipagdasal natin ang kahilingan natin pati na ang kalinga at habag ng Maykapal. Sandali, nasaan na ang gamot? At ano nga pala ang pangalan ng kumbento? Saka baka dala mo na ang perang ibibigay natin sa kumbento, e di mas mabuti. Para maipamahagi na agad ang grasya.